

Talaan ng Paglilitis

Ika-12 ng Abril, 2005

Isinumite sa Pandistritong Hukman ng Tokyo

Mga Kinatawan ng mga Nagpetisyon sa Paglilitis

Abogado, Hironori KONDO
Abogado, Han-nyon CHAN
Abogado, Ryusuke KIN
Abogado, Miki NISHIDA
Abogado, Yoshikatsu HAMANO
Abogado, Haduki HOSODA
Abogado, Genichi YAMAGUCHI

Pagpapatunay ng Nasyonalidad bilang Hapon Ang Kaso Sa Paghiling

Buod ng Paghiling

- 1) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Ryuichi bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.
- 2) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Masami bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.
- 3) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Julie-Ann bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.
- 4) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Ken bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.
- 5) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Jeisa bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.
- 6) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Chisato bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.
- 7) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Rafael bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.
- 8) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Ryo bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.

- 9) Pagpapatunay na ang nasyonalidad ni Yuji bilang Hapon at isa siya sa nagdedemanda.

1. Mga Kadahilanan ng Petisyon Para Pakinggan ng Hukuman.

1) Ukol sa mga nagdedemanda

- * Ang Hindi Pagsasama o Pagiging Kasal ng Magulang

2) Paglabag sa Konstitusyon o Pagwawalang-bisa ng Seksyon 1 ng Artikulong 3 ng Batas sa Nasyonalidad

① Pinagmumulan ng Suliranin

Hindi-lehitimong anak ng ina ng Haponesa subalit maaaring mabigyan ng nasyonalidad bilang Hapon sa pamamagitan ng Seksyon 1 ng Artikulong 2 ng Batas ng Nasyonalidad (binabanggit na 'Batas' sa sumusunod) batay sa pagkakaroon ng relasyon bilang mag-ina sa batas sa pamamagitan ng pagsilang ng bata. Samantala, kahit Hapon ang kanyang magulang, kung ang ama ay Hapon na may hindi-lehitimong anak (sa Filipina o ibang dayuhan sa Japan), sinasabing hindi raw maaaring tanggapin ang nasyonalidad bilang Hapon ng anak dahil hindi raw makakasapat sa pangangailangan ng Seksyon 1 ng Artikulong 2 at pati Artikulong 3 ng Batas kung binigyan ng 'Ninchi' pagkasilang ng bata lamang maliban sa binigyan ng 'Ninchi' bago isilang.

② Paliwanag at katuwiran (ng gobyernong Hapon)

Batay sa pagkakasaad ng Batas, ibinibigay ang nasyonalidad para magkaroon ng matalik na relasyon sa bansa na dulot ng relasyon ng magulang at bata. Ukol sa lehitimong anak ng Hapon, kahit ama o ina ay Hapon, dapat bigyan ang bata ng nasyonalidad bilang Hapon. Ngunit ang di-lehitimong bata ay hindi nabibilang sa pamilyang kasal ang mga magulang kaya hindi masasabi na ang mga batang hindi lehitimo ay walang matalik na relasyon sa bansa katulad ng may matalik na relasyon sa lehitimong anak. Dahil mahina ang relasyon ng mag-ama sa di-kasal ang mga magulang kung ikumpara sa relasyon ng mag-ina. At magkaiba rin ang pagiging matalik na relasyon ng mag-ama pagkabigay ng 'Ninchi' bago isilang ang bata at 'Ninchi' pagkasilang ng bata. Dahil dito, sanhi ng kaibahan ng relasyon ng mag-ama, ginagawa ang paghihigpit sa pagkuha ng nasyonalidad kung mahina ang relasyon ng

magulang at bata.

② **Isang hindi-makatwirang diskriminasyon ang patakaran ng Artikulong 3 ng batas ng Nasyonalidad (ayon sa kuro-kuro ng mga abogado)**

Subalit, hindi makatwiran ang pangangailangan ng kasal ng mga magulang para sa pagkuha ng nasyonalidad ng bata. Maaaring masabi na matitiyak ang matalik na relasyon sa bansa dahil sa pamamagitan ng relasyon ng magulang at bata kung kasapi ang bata sa pamilyang kasal ang kaniyang mga magulang. Ngunit sa kasalukuyan, nagiging internasyonal na ang mundong ito at nagiging magkaiba na rin ang pahalaga ng mga tao kaya hindi pareho ang kaugalian ng pamumuhay ng bawat pamilya. At nagbabago rin ang relasyon sa mga bata kaya kung gustong matiyak ang karapatan ng mga pamilya, hindi ito maaaring masigurado kung ang babatayan lamang ay kung kasal o di-kasal ang mga magulang sa pagbibigay ng nasyonalidad na Hapon. Dahil dito, hindi makatwiran sa pratika ang kaibahan kung kasal o di-kasal ang mga magulang sa pagkuha ng nasyonalidad.

Samantala, kahit di-kasal ang ama at ina, at sa mga nangyayaring ang Haponesa bilang ina ay maaaring kunin ang nasyonalidad ng kaniyang anak bilang Hapon, at dahil dito, hindi mahalaga at hindi maaring pagbatayan kung kasal o di-kasal ang mga magulang para sa pagkuha ng nasyonalidad.

Alinsunod ng batas na Seksyon 1 ng Artikulong 2, kahit di-lehitimong anak sa amang Hapon, kapag binigyan ng '*Ninchi*' bago siya isilang, maaaring makuha ang nasyonalidad bilang Hapon. Sa ganitong kalakaran, hindi ito usapin ng pagbibigay ng matalik na relasyon ng mag-ama.

Sa kabilang dako, ang pagbibigay ng nasyonalidad ay mahalagang bagay para sa kasiguraduhan ng mga Kabataan at ng kanilang Karapatang Pantao. Dapat lamang na magkaroon ng nasyonalidad bilang Hapon ang bata kung kahit isa sa kaniyang magulang ay Hapon. Hindi dapat ginagawa ang pagkakaiba sa pagitan ng lehistimong anak at sa di-lehistimong anak dahil wala itong katwiran at batayan. Dahil hindi maaaring magpasya ang bata kung ayaw ba o gusting magpakasal ng kaniyang mga magulang.

3 Pagkuha ng Nasyonalidad ng mga Nagdedemanda

1) Pagbabago ng Batas na Seksyon 1 ng Artikulong 3 alinsunod sa Konstitusyon

Kapag pinagpasiyahan na labag sa Konstitusyon ang Seksyon 1 ng

Artikulong 3 ng Nationality Law, upang maiayon sa Konstitusyon, maaring baguhin ang pangungusap sa ng Article 3 Section 1 na nagsasabing ‘batang naging lehistimong anak dahil sa kasal ng kanyang mga magulang o *‘Ninchi’* na maaring maidugtong ang ‘batang binigyan ng kanyang ama’ lamang. Ito lang ay pamamaraang pagbabago ng batas na hindi labag sa Konstitusyon.

2) Pagkuha ng nasyonalidad ng mga nagdedemanda bilang Hapon

Dahil sa mga bagay na nabanggit sa itaas, tinatanggap ng lahat ng nagpetisyon para sa pagbabago ng batas sa nasyonalidad at ibinibigay ang pahintulot para isabmit ang itong petisyon.

4 Konklusyon

Dahil sa mga bagay na nabaggit sa itaas, inihahapag ang demanda ng kasong ito para sa pagpapatunay ng nasyonalidad bilang Hapon